ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 8
Abril 21, 2021
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Itanghal ang limang siglo ng armadong paglaban

Sa bukangliwayway ng Abril 27, 2021, gunitain natin ang ika-500 taon ng Labanan sa Mactan, ang unang tagumpay sa mahaba at nagpapatuloy na kasaysayan ng armadong pakikipaglaban ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan. Magbigay-pugay tayo kay Datu Lapulapu at sa libong nanindigan at gumapi sa mga armadong dayong manlulupig sa pangunguna ni Ferdinand Magellan.

Ang Labanan sa Mactan ay matingkad na simbolo ng matapang na paninindigan at paglaban ng mga katutubong Pilipino. Pinili nilang magsandata at magtanggol sa halip na yumuko at magbayad ng buwis sa dayong hari. Ginamit nila ang kanilang superyoridad sa bilang at kaalaman sa kalupaan at dagat, upang ipawalangsaysay ang malalakas na sandata ng dayong mananalakay at biguin ang tangkang pananakop.

Sa pamamagitan ng armadong paglaban, ipinagtanggol nila Lapulapu ang kanilang lupa laban sa mga pwersa ng Espanya at mga taksil tulad nila Humabon at Zula. Bagaman manunumbalik ang mga pwersa ng Espanya at malao'y sasaklutin ang Pilipinas bilang kolonya, ang kagitingan nila Lapulapu ay habampanahon nang magsisilbing inspirasyon sa mga susunod na salinlahi ng mga Pilipinong mag-aalsa at magsasandata para kamtin ang kalayaan laban sa dayuhang mananakop.

Sa iba't ibang yugto sa ilalim ng dayong kolonyal na paghahari, nagarmas at lumaban ang mga Pilipino laban sa mga mang-aapi at mapagsamantala. Nilabanan nila ang pangaagaw ng lupa, ang pagbabayad ng tributo o buwis sa hari, ang pang-aagaw ng ani, ang pwersahan at walang bayad na pagpapatrabaho at ang malulupit na pamamarusa. Sumibol ang mga bayaning tulad nila Lakandula, Rajah Sulayman, Palaris, Diego at Gabriela Silang, Francisco Dagohoy at libu-libong iba pa. Puspos silang lahat ng di pagagaping diwa ni Lapulapu at ng kanyang hangaring maging malaya mula sa dayuhang mananakop.

Mula sa daan-daang mga pag-aaklas sa mahigit tatlong daang taong pananakop ng Espanya, malao'y nagkaisa ang mga Pilipino sa ilalim ng pulang bandila ng Katipunan sa pangunguna ni Andres Bonifacio. Isinulong nila ang malawakang pakikidigmang gerilya laban sa mga pwersang kolonyal ng Espanya at pinalaya ang bayan mula sa dayuhang kontrol. Tulad na may Humabon na yumuko kay Magellan, mayroong Aguinaldo at mayayamang ilustrado na nagtaksil sa bayan at sumuko sa mga pwersang

kolonyal ng Amerika na pwersahang dinagit ang kalayaan ng bansa.

Mula Batangas hanggang Balangiga sa Samar at sa iba't ibang sulok ng bansa, nag-alsa ang mga Pilipino tangan ang mga baril at balaraw. Buong giting na lumaban ang mga Pilipino kahit pa malupit silang sinupil ng mga mapanakop na pwersa ng US gamit ang superyor na mga sandata. Mahigit isang milyong Pilipino ang namatay sa takbo ng armadong paglaban sa kolonyal na pananakop ng US, at dulot ng malawakang gutom at sakit sa panahon ng paniniil sa unang mga taon ng siglong 1900.

Muling dadaluyong ang armadong pakikibaka ng sambayanang Pilipino sa pangunguna ng lumang Partido Komunista ng Pilipinas na itinatag noong 1930. Itinatag ng PKP ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap) noong 1942 na nagsulong ng pakikidigmang gerilya laban sa mga pwersang kolonyal ng Japan. Tulad sa mga nagdaang armadong pag-aalsa, ang Hukbalahap pangunahi'y isang hukbong magsasaka na kumalat sa kanayunan at nagtayo ng mga organo ng pamamahala sa buong Central Luzon at nagpakat ng mga yunit nito sa Manila, Southern Luzon, hanggang sa Panay at iba pang lugar.

Nagpunyagi ang lumang Partido at Hukbalahap sa armadong paglaban sa mga pasistang pwersa ng Japan kahit matapos sumuko ang mga pwersang pinamumunuan ng US at umuwi ang mga tropang Amerikano noong 1942. Bumalik ang mga pwersang militar ng US noong 1945 para muling ipataw ang kanilang kapangyarihang kolonyal sa pamamagitan ng pambobomba at traydor na pagsalakay sa mga Huk at paglunsad ng walang-habas na mga operasyong kontra-gerilya. Dahil sa maling pamumuno ng mga lider ng lumang Partido na nakipagkutsabahan sa kaaway, dinala ang Hukbalahap (na tinawag na Hukbong Mapagpalaya ng Bayan) sa landas ng pagkatalo o pagsurender sa rehimeng papet ng US.

Ang pagtatatag ng Bagong Hukbong Bayan noong 1969 ay muling pagtangan ng sandata ni Lapulapu at pagpapatuloy ng armadong paglaban ng sambayanang Pilipino para sa pambansa at panlipunang paglaya. Sa pamumuno ng Partido na muling itinatag noong 1968 sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, dinala ng BHB ang armadong pakikibaka sa bagong antas at lawak na di pa naaabot sa kasaysayan ng bansa. Isinusulong nito ang bagong demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng proletaryado, na pag-aangat ng lumang demokratikong rebolusyon ng Katipunan.

Lumawak sa buong kapuluan ang armadong paglaban ng sambayanang Pilipino. Sumusunod ito sa malinaw na estratehikong linya ng matagalang digmang bayan para sistematikong palakasin ang hukbong bayan, pangibabawan sa kalaunan ang mas malaki at malakas na Armed Forces of the Philippines na suportado ng US, at ibagsak ang makauring paghahari ng mga imperyalista, malaking burgesyang komprador at malalaking panginoong maylupa.

Tulad ng BHB, ang lahat ng armadong rebolusyonaryong Pilipino sa nakaraan, ay inaalimura ng mga mapang-api. Tinawag silang mga "bandido" o kaya'y "insurekto." Tiyak na kung buhay sa kasalukuyan si Lapulapu o ang iba pang nag-armas at nagbangon, babansagan din silang "terorista" ng mga takot at galit sa bayang nagsasandata.

Ang hangarin ng sambayanang Pilipino para sa pambansang paglaya na siyang nag-udyok sa sunud-sunod na mga salinlahi ng nagdaang mga siglo na magsandata ang nananatiling susing layunin na pumupukaw sa kanila na magpatuloy sa pagmartsa sa landas ng armadong paglaban. Sa paglaban sa imperyalistang higante at lahat ng armadong galamay nito, ang sambayanang Pilipino at ang kanilang mga Pulang mandirigma ay humahalaw ng inspirasyon sa armadong kagitingan ni Lapulapu at sa tagumpay nila sa Labanan sa Mactan. Puspos ng diwa ng armadong kagitingan ng lahat ng bayani sa nakaraan, matatag ang determinasyon ng BHB at lahat ng pwersa ng demokratikong rebolusyong bayan na isulong ang pakikibaka para kamtin ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya. AB

ANG Bayan

Tomo LII Blg. 8 | Abril 21, 2021

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

@prwc_info

fb.com/editorsofAB

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Itanghal ang limang siglo ng armadong paglaban | 1 |
| Ang Labanan sa Mactan | 3 |
| Paglaban ng masa sa RCSP sa Samar | 4 |
| BHB-Lanao, nakiisa sa Ramadan | 4 |
| Mga armas, nasamsam ng BHB-Negros | 4 |
| Mga bayani ng Kalinga | 4 |
| Ayuda at dagdag sahod, ibigay na! | 5 |
| ₱100 umento sa arawang sahod | 5 |
| 2 sibilyan pinaslang, 5 inaresto | 6 |
| Dagdag-sweldo para sa mga bilyunaryo | 6 |
| Pagsasamantala sa mga magniniyog | 7 |
| Sa madaling salita | 8 |
| IMF-World Bank, mangangamkan ng lupa | 9 |
| *Hate crime* laban sa Asian-American sa US | 10 |
| Huwag umasa sa US sa depensa | 10 |

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Ang Labanan sa Mactan



Nagmarka ang Labanan sa Isla ng Mactan noong Abril 27, 1521 bilang unang organisadong paglaban ng mga Pilipino kontra sa dayuhang mananakop. Buong giting na hinarap at tinalo nina Datu Lapulapu at mga katutubong mandirigma ang superyor na mga sandata ng mga Espanyol na pinamunuan ni Ferdinand Magellan.

Noong ika-16 na siglo sa panahon ng maagang bahagi ng kapitalismo, pinag-aagawan ang mundo ng ilang kaharian tulad ng Espanya, Portugal at Britanya. Nag-uunahan ang mga magkatunggaling kaharian sa pagpaparami ng kanilang mga kolonya, pagpapalawak ng pakikipagkalakalan at paghahati ng mundo sa kani-kanilang kapangyarihan sa pulitika at ekonomya.

Sa ganitong sirkumstansya, nagpanukala ang isang Portuguese na si Magellan kay Haring Carlos na pamunuan niya sa ngalan ng Espanya ang isang ekspedisyon upang hanapin ang kayamanan ng Spice Islands, grupo ng mga isla na kilala ngayon na Moluccas at bahagi ng Indonesia. Mahalaga noon sa Europe ang taglay nitong mga paminta, sinamon, luyang dilaw, luya at iba pang pampalasa o pampabango sa pagkain. Nang pahintulutan ng hari ay naglayag sina Magellan at 250 kawal noong Agosto 1519 sakay ng limang barko.

Inabot ng halos dalawang taon ang kanilang paglalayag bago sila makakita ng lupa. At noong Marso 17, 1521 dumaong ang gutom na mga byahero sa isla ng Homonhon na bahagi ng Samar. Dito nakilala ni Magellan ang ilang pinuno ng mga katutubo. Sinindak ang mga katutubo sa taglay na armada ng mga banyaga na armado ng 12 kanyon at mga *musket* (sinaunang riple) na "bumubuga ng kidlat at kulog," 50 *crossbows* (pinaunlad na pana at palaso), mga espada, palakol at bakal na baluti. Kapalit ng "pakikipagkaibigan," sila ay bininyagang mga Kristiyano at pinaluhod sa kapangyarihan ng hari ng Espanya at inobligang magbayad ng tributo o buwis.

Gamit ang taktikang manghati at maghari, inatasan ni Magellan si Rajah Humabon, pinuno ng Cebu, na pasunurin ang lahat sa kanyang kapangyarihan. Noong Abril 26, ipinanukala ni Humabon at isa pang datu na si Zula na gamitin ni Magellan ang kanyang pwersa para piliting sumunod si Datu Lapulapu na pinuno ng katabing isla ng Mactan.

Bago maghatinggabi ng Abril 26 ay tumulak si Magellan at kanyang mga tauhan patungong Mactan. Ipinakat niya ang kanyang mga sundalo (kasama ang Italyanong si Antonio Pigafetta, na istoryador ng byahe). Tatlong oras bago ang bukang liwayway nang dumating sila sa Mactan. Nagpadala si Magellan ng mga emisaryong katutubo. Sa mensahe ni Magellan isinaad niya na hindi nila gustong makipag-away. Subalit may babala siya: "Mas mabuting sumunod kayo sa kautusan, magpabinyag bilang mga Kristyano, at yumuko sa kapangyarihan ng Hari ng Espanya, at kung hindi, sugat ang ihahatid ng aming mga sandata."

Hindi nagpasindak si Lapulapu at sinabing mayroon din silang mga sibat na gawa sa kawayan at pinatigas na kahoy. Hiling lamang nila na hintayin ang bukang liwayway bago simulan nina Magellan ang kanilang pagsalakay. Nagpaunlak naman ang hambog na Magellan sa hiling ni Lapulapu.

Ngunit, hindi matalinong kumander si Magellan. Minaliit niya ang determinasyon ng mga katutubong lumaban at di magpalupig sa imbing mga dayuhan. Hindi rin niya inalam ang katangian ng pulo kung saan maraming nakausling mga bato at bahura na naging hadlang sa kanilang mga barko na makadaong nang malapitan sa dalampasigan. Lumusong sina Magellan sa hanggang-hita na lalim na tubig para makaabot sa malayo pang dalampasigan ng Mactan. Nang makaabot sila sa pampang ay nakita nilang nakapormasyon na ang mga tauhan ni Lapulapu sa tatlong dibisyon. Sa tantya ni Pigafetta ay umaabot ang mga tauhan ni Lapulapu sa 1,500 mandirigma.

Matutunog at makatindig-balahibong mga sigawan ng mga katutubo ang sumalubong sa mga banyaga. Nagpaputok ng mga *musket* at nagpabugso ng mga palaso sina Magellan.

Nang makaabot sa lupa, ipinag-utos ni Magellan na sunugin ang mga bahay para sindakin ang mga katutubo. Subalit lalo lamang nagngalit ang mga katutubo. Pinaulan nila ng mga panang may lason ang mga dayuhan at dumaluhong sa pag-atake.

Sa harapan at magkabilang plangka ang mga atake nina Lapulapu. Pinuntirya ng kanilang mga bangkaw, sibat at pana ang walang proteksyong mga binti at paa ng mga dayuhan. Ikinonsentra nila ang mga atake kay Magellan hanggang masugatan siya sa kamay at binti. Nang nabuwal si Magellan sa tubig at wala nang buhay ay nagsitakbuhang paatras ang mga tropang dayuhan. Naabutan nilang palayo na ang mga barko ng mga Espanyol.

Samantala, sa dalampasigan ng Mactan ay naghiyawan sa tagumpay sina Lapulapu. Ayon sa tala ni Pigafetta, 12 sa kanila ang napatay (walong Europeo kabilang si Magellan, at apat na tauhan ni Humabon). Umalis ng Cebu ang natirang mga sundalong Espanyol at nagpatuloy sa paglalayag hanggang makita nila ang Spice Islands. Bumalik sila sa Espanya noong 1522 sa dalawang barko na lamang sa pamumuno ni Kapitan Juan Elcano. AB

# Nagkakaisang paglaban ng masa sa RCSP sa Samar

Bigo ang higit isang taong walang tigil na operasyong Retooled Community Support Program (RCSP) ng Armed Forces of the Philippines sa isang bayan sa Western Samar sa layunin nitong buwagin ang matatag na pagkakaisa ng masang magsasaka at kanilang pagsuporta sa rebolusyon. Saklaw ang naturang bayan ng larangang gerilyang ipinagmamayabang ng 8th ID na "nabuwag na."

Sa panahong ito, paulit-ulit na pinatawag ng mga sundalo ang mga magsasaka sa kampo militar upang piliting "sumurender" at magsilbi sa reaksyunaryong hukbo bilang aset o espiya. Pinipilit din silang magsinungaling, magpanggap na "bumaba na mula sa bundok dahil sa hirap ng kalagayan doon," o di kaya'y umaming kasapi ng yunit milisya, ng lokal na sangay ng Partido, o ng komite ng lokal tsapter ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid.

Sa isang baryo, pinagkaisahan ng mga residente na wala ni isa sa kanila ang pupunta sa kampo sakaling muli silang ipatawag bilang paglaban sa panggigipit sa kanila. Ngunit matapos nito, ilang beses pinasok ang kanilang lugar ng mga pulis at sundalong nakabihis sibilyan upang susugin ang mga hindi tumutugon sa kanilang patawag.

Reklamo ng taumbaryo, hindi na sila makapunta sa kanilang sakahan sa takot sa nagmamanmang mga pulis at sundalo. Kumpara noong kasagsagan ng *lockdown*, mas matinding gutom ang nararanasan nila dahil sa abalang dulot ng operasyong militar.

Upang mabantayan ang mga ahente ng militar at pulis, nag-iskedyul ang taumbaryo ng maghapon at magdamag na paggagwardya. Ipinasusulat nila sa *logbook* ang pangalan ng lahat ng pumapasok sa kanilang lugar. Nilagyan nila ng mga kahoy ang kalsada upang harangin ang mga kotse at motorsiklong sinasakyan ng mga pulis at sundalo papasok ng baryo. AB

## BHB-Lanao, nakiisa sa Ramadan

NAKIISA ANG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Lanao sa paggunita ng mamamayang Moro sa Ramadan, ang sagradong panahon para sa mga Muslim sa buong mundo. Bilang pakikiisa, sumabay sa pag-aayuno ang mga Pulang mandirigma noong Abril 12, ang unang araw ng Ramadan. Ikaapat na Ramadan na ito mula nang wasakin ng rehimeng Duterte ang Marawi at pinalayas ang mga residente rito. Hanggang ngayon, napakaraming Moro pa ang di nakababalik sa syudad at umaasa lamang sa ayuda at pagmamagandangloob ng mga internasyunal na ahensya. Patuloy pang lumulubha ang kanilang kalagayan sa mga sentro ng ebakwasyon dulot ng pandemyang Covid-19.

Sa gitna ng matinding paghihirap, patuloy na itinataboy ng rehimen ang mga Moro sa kanilang mga komunidad. Kabilang sa kanila ang 1,500 pamilya mula sa Barangay Pusaw, Sharif Saydona Mustafa at 600 pamilya mula sa Barangay Kitango, Datu Saudi Ampataun na napilitang magbakwit dulot ng walang patumanggang pambobomba at istraping ng militar. Dagdag sila sa mga bakwit na mahihirapang gumunita sa Ramadan ngayong taon.

Nanawagan ang BHB-Lanao sa mamamayang Moro na patuloy na maghangad ng lipunang malaya kung saan igagalang ang kanilang karapatan sa sariling pagpapasya.

## 3 maiiksing armas, nasamsam ng BHB-Negros

DALAWANG AHENTENG paniktik ng 15th IB ang napaslang sa ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southwest Negros (Armando Sumayang Jr. Command) noong Abril 3 sa Sityo Cambaga, Yaoyao, Cauayan, Negros Occidental. Nakuha sa kanila ang isang .45 kalibreng pistola, isang 9mm Glock at mga dokumento ng pagkakakilanlan. Pagkahapon, apat na sundalo ng 15th IB ang napaslang sa isang engkwentro sa yunit ng BHB.

Noong Abril 13, isa pang pistola ang nasamsam mula sa aktibong ahente ng 7th Intelligence Service Unit sa Barangay Consing, E.B. Magalona, Negros Occidental.

Isang araw bago nito, tatlong *backhoe* ang pinaralisa ng BHB-North Negros sa Barangay E. Lopez, Silay City. Ginagamit ang mga *backhoe* sa operasyong kwari sa naturang lugar na naging sanhi ng matinding pagbaha at pagkasira ng kalikasan. Tinatayang aabot sa ₱16.6 milyon ang halaga ng mga ito na pagmamay-ari ni Mayor Mark Andrew Golez ng Silay City.

**MGA BAYANI NG KALINGA.** Pinagpupugayan ng rebolusyonaryong kilusan ng Kalinga sina Rudy Daguitan (Ka Pinpin) at Nora Miguel (Ka Lanie), kapwa mga beteranong Pulang mandirigma ng prubinsya. Napaslang ang dalawa sa isang labanan noong Marso 15 sa Barangay Gawaan, Balbalan. Si Ka Pinpin ay isang kadre militar habang si Ka Lanie ay isang mahusay na medik. Pinanday silang dalawa ng mga pagsubok mula pa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at muling pagpapasigla ng kilusang rebolusyonaryo sa prubinsya. Agbiag dagiti bannuar ti umili!

Panawagan sa Mayo Uno 2021

# Makatwirang ayuda at dagdag sahod, ibigay na!



Sinimulan noong Abril 16 ng Kilusang Mayo Uno, katuwang ang mga unyon at iba pang organisasyon ng manggagawa, ang serye ng mga protesta para itambol ang panawagan para sa ₱10,000 ayuda para sa lahat ng nawalan ng trabaho at ₱100 kada araw na subsidyo para sa mga manggagawa at manggagawang bukid. Sa araw na iyon, nagdaos ang mga manggagawa ng "kalampagan" sa Mendiola sa Lungsod ng Maynila para ipanawagan rin ang pagtataas ng minimum na sahod tungong ₱750 kada araw. Noong Abril 19, nagmartsa ang mahigit 100 myembro ng 10K Ayuda Network sa Quezon City para maghain ng petisyon para sa ₱10,000 ayuda sa 18 milyong pamilya sa loob ng dalawang buwan. Sa Davao City, nagkaroon naman ng padyak protesta noong Abril 9.

Noong Abril 15, nagpetisyon ang Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura sa Department of Labor and Employment (DOLE) na umentuhan ng ₱100 ang sahod ng 10.3 milyon manggagawang bukid. Inihain ang petisyon sa kabila ng pagbasura ng ahensya sa katulad ng petisyon ng Defend Jobs Philippines sa pagdadahilang hindi nito saklaw ang pagbibigay ng "across-the-board" na umento.

Katumbas lamang sa dalawang araw na sahod sa NCR ang ₱1,000 ayuda mula sa kabuuang ₱23 bilyon na inilaan ng rehimeng Duterte na ayuda noong ipinataw nito ang 2-linggong pinahigpit na *lockdown* sa National Capital Region at apat pang prubinsya. Napakaliit nito kumpara sa ₱420 bilyong paketeng ayuda na ipinapanukala ngayon sa Kongreso bilang Bayanihan 3 at sa ₱1.5 trilyong pakete na mungkahi ng Ibon Foundation para maging makabuluhan ang ayuda sa paparaming pamilyang pinahihirapan sa napakatagal nang *lockdown*.

Sa isang pag-aaral sa mga maralitang komunidad sa National Capital Region na inilabas ng Economic Policy Research Institute noong Disyembre 2020, halos lahat ng mga maralitang pamilya (19 sa 20) ang nagsabing nawalan ng trabaho o kita sa 2020. Lampas kalahati (65%) lamang sa kanila ang nagsabing nakatanggap ng pinansyal na ayuda. Mayorya (92%) ng mga pamilyang ito ang nag-ulat na mayroong isa o higit pang myembro na bulnerableng mahawa ng Covid-19 (matatanda, buntis, maliliit na bata, may sakit o kapansanan.)

Batay sa senaryong bumagsak nang 30% ang kita ng mga maralitang pamilya at hindi lahat ay nakatanggap ng ayuda, tinaya ng ahensya na dumoble ang tinatawag na *national poverty headcount ratio* (o porsyento ng populasyon na nabubuhay sa $1.90 o ₱90 kada araw) mula 16.8% noong 2018 tungong 32.8% sa 2020.

Kabilang sa mga dumausdos ang katayuan sa buhay ang milyun-milyong nawalan ng trabaho at kita. Nasa 12 milyong manggagawa ang wala o kulang ang trabaho noong Pebrero. Wala pa rito ang mahigit isang milyon na inilaglag sa sarbey ng pwersa ng lakas paggawa sa parehong panahon.

Mayorya sa nakahanap ng trabaho mula nang buksan muli ang ekonomya ay nasa trabahong mababa ang sahod, kontraktwal o impormal. Ayon pa rin sa Ibon Foundation, sa 1.9 milyon na naibalik o bagong trabaho noong Pebrero, 48% o 923,000 ay partaym (walang 40 oras kada linggo) at 23% ay nakakategoryang "may empleyo, pero wala sa lugar ng trabaho" (maaaring *absent* o naka-*leave* dulot ng sakit o kwarantina, o napipilitang "magbakasyon" ng walang bayad dulot ng pansamantalang pagsasara/pagbabawas ng manggagawa ng tinatrabahuang empresa o negosyo.) AB

### Malaking bagay ang ₱100 umento sa arawang sahod

MALAKING BAGAY PARA sa mga manggagawa ang ₱100 subsidyong pandagdag sa arawang sahod, laluna sa mga industriya at serbisyong "esensyal" sa panahon ng pandemya. Marami sa kanila ang walang katiyakan sa trabaho, tumatanggap ng wala pa sa arawang minimum, at nakapailalim sa kaayusang "no work, no pay."

Kabilang dito si Andrea, manggagawa sa isang restawran na nagbubukas-sara depende sa antas ng *lockdown*. Isang taon na siyang kontraktwal at nakapako sa ₱336 ang kanyang sahod.

Bentahe rin ito kay Bob, manggagawa ng ahensyang kinokontrata ng isang kumpanya sa *internet*, na sumasahod lamang ng ₱400 kada araw.

Kung mamarapatin, dapat nga ay ₱200 ang umento, ayon kay Mon, isang *delivery rider* na kumikita ng ₱500 kada araw. Sa kanyang pananaw, hindi naman ito imposible lalupa't malaki ang kinikita ng kumpanya dahil marami ang nakaasa sa kanilang serbisyo.

Bagamat sumasahod ng ₱1,300/araw, pabor din sa ₱100 umento ang manggagawa sa *call center* na si Karla. Aniya, dapat lamang ibigay ang umento para naman makahabol kahit papaano sa nakabubuhay na sahod ang mayorya ng mga manggagawa.

## 2 sibilyan pinaslang, 6 inaresto sa Negros

*Muling naghasik ng teror ang pinagsanib na pwersa ng pulis at militar sa tatlong sityo ng Barangay Nagbinlod, Sta. Catalina, Negros Oriental noong Marso 29. Six sibilyan ang inaresto, kabilang ang 2-taong gulang na bata, at dalawa ang pinatay. Tulad sa naunang mga kaso ng pang-aatake sa mga sibilyan, tinaniman ng baril at armas ang mga bahay ng mga biktima at inakusahan silang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).*

Pinatay sa Sityo Balog sa naturang barangay sina Fredo Binangkil at Julito Solano sa pananalakay na ipinalabas na engkwentro sa pagitan ng militar at BHB. Sa mga sityo ng Payawpayawan at Bayog inaresto ang mag-asawang sina Marites at Benjie Saingga at kanilang 2-taong gulang na anak, Wilmar Jiminez at dalawa pang magsasaka.

Kasabay nito, nireyd ng mga pulis ang bahay ni Nene Solano, pinuno ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas-Negros Oriental, at binugbog ang kanyang biyenan.

**Pambobomba.** Matinding takot ang idinulot ng anim na beses na paghulog ng bomba ng AFP sa mga komunidad ng mga magsasaka at lumad noong Abril 6 sa Barangay Kasapa II, La Paz, Agusan del Sur. Ilang beses ding inistraping ang magubat na bahagi ng lugar. Mula pa Pebrero hinahalihaw ng mga pwersa ng 60th IB at 26th IB sa hangganang ng La Paz, Loreto at San Luis sa Agusan del Sur at Kapalong sa Davao del Norte.

**Pamamaslang.** Binaril at napatay si Jesus Pason Jr., drayber ng traysikel at residente ng Basurahan, Barangay Mambulay, Silay City, Negros Occidental noong Abril 17. Kasapi siya ng Pasil Homeowners Association, Inc. at Kadamay-Negros.

**Iligal na pag-aresto.** Sa Eastern Samar, inaresto ng 52nd IB sina Erwin Ramirez Mortal at Pablito Lapesora Libanan noong huling linggo ng Pebrero sa akusasyong mga kasapi sila ng BHB. Parehong residente ng Casapa, Barangay Dinigpian, Dolores ang dalawang magsasaka.

Sa Bohol, inaresto si Oscar Balonga, tagapangulo ng Bongbong Farmers Association noong Abril 7 at ikinulong sa Trinidad Police Station.

**Pagdukot.** Dinukot ng mga ahente ng NTF-ELCAC sina Alicia Lucena at Sofia Bangayan, mga myembro ng Anakbayan, matapos papuntahin ng mga upisyal ng Barangay 483 sa Maynila sa *barangay hall* para umano sa *randomized swab testing* noong Abril 19. Agad na pinalaya si Bangayan habang si Lucena ay hindi pa natatagpuan ng kanyang abugado at mga kaibigan. Isa si Lucena sa pinangalanan noon ng NTF-ELCAC na "kinidnap" ng Kabataan Party List at Makabayan para siraan ang mga aktibista. Anak siya ng ahente ng NTF-ELCAC at tagapagsalita ng grupong Hands Off Our Children na si Relissa Lucena.

***Red-tagging.*** Napilitan ang mga boluntir ng "community pantry" sa Maginhawa, Quezon City at Pandacan, Manila na pansamantalang isara ang kanilang operasyon noong Abril 20 matapos i-*red-tag* ng pulis ang kanilang mga aktibidad.

Ang *community pantry* ay isang porma ng pagtutulungan ng mamamayan kung saan kusang nagbibigay ang mga may ekstra na pagkain at libre itong kunin ng sinumang nangangailangan. Sinimulan ang inisyatibang ito noong Abril 15 na nag-engganyo ng paglulunsad ng 300 pang katulad na inisyatiba sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Bago nito, naging target din ng *red-tagging* ang mga unyon ng mga empleyado ng Senado at Korte Suprema, at ang Alliance of Health Workers. AB

---

### Bonus at dagdag-sweldo para sa mga bilyunaryo

*SA GITNA NG malawakang disempleyo at pagbagsak ng kita at negosyo, milyun-milyong piso ang iginawad ng matataas na upisyal ng pribadong mga kumpanya sa kanilang mga sarili sa anyo ng mga bonus at dagdag na sweldo noong 2020.*

Kabilang sa kanila ang anim ng matataas na upisyal ng GMA 7 na kinabibilangan nina Felipe Gozon at Gilberto Duavit na tumanggap ng kabuuang ₱259 milyong bonus noong 2020, 43% na mas mataas kumpara sa natanggap nila noong 2019. Dagdag dito ang 37% na itinaas ng kanilang mga sahod.

Gayundin, tumaas nang 12% ang sahod ni Manuel Pangilinan at apat pang upisyal ng PLDT, kung saan nakapailalim ang Smart Telecommunications. Isang milyong piso naman ang idinagdag sa dati nang mataas na bonus ng mga upisyal nito.

Sa kabilang banda, tumaas nang 6.4% ang sahod at bonus nina Ernest Cu at apat pang upisyal ng Globe Telecommunications tungong tungong ₱295 milyon noong 2020 mula ₱277 milyon noong 2019.

Samantala, 17 bilyunaryong Pilipino ang nasa listahan ng Forbes ng pinakamayayamang indibidwal sa buong mundo. Sa kanila, si Manuel Villar (ika-352 sa buong mundo) ang may pinakamalaking deklaradong yaman, kasunod si Enrique Razon, Lucio Tan, Andrew Tan, magkakapatid na Sy, Ramon Ang, Lance Gokongwei, Roberto Ongpin, Ricardo Po at Edgar Sia. Sa buong mundo, ang may-ari ng Amazon na si Jeff Bezos pa rin ang numero uno. AB

# Patung-patong na pagsasamantala sa mga magniniyog



Kabaligtaran ng pagpapakahirap ng mga magniniyog ay ang pagpapakabundat ng mga panginoong maylupa, komersyante at monopolyong mga korporasyon. Sa kasagsagan ng pandemya, lalo pang tumampok ang paghuthot sa yaman ng koprang likha ng masang magniniyog.

Noong Disyembre 2020 sa isang baryo sa Camarines Sur, kumita lamang ng ₱4,900 ang isang pamilyang tenante sa apat na ektaryang niyugan. Sa naaning 661 kilong kopra, 20% (o halagang ₱3,960 sa presyong ₱30 kada kilo) ay hindi binayaran ng komersyante. Gaanuman kahusay ang pagkakaluto sa kopra, arbitraryo pa rin itong kinakaltasan ng resiko.

Nagtulong-tulong na lamang ang mag-anak sa produksyon para makabawas ng gastos sa paggawa. Matapos ibawas ang gastos sa transportasyon, ang halaga ng natirang 529 kilo ay bumagsak tungong ₱14,700 mula ₱15,870. Sa hatiang tersyo, dalawang bahagi ng halagang ito ang napunta sa panginoong maylupa. Ang sangkatlong bahagi ng magniniyog (₱4,900) ay katumbas na lamang ng ₱109 bawat araw na pagkakasyahin sa susunod na 45 araw ng walo-kataong pamilya.

Dahil sa magkakasunod na bagyong dumaan noong katapusan ng 2020, lalong lumiit ang kita ng mga magniniyog sa naturang baryo. Nakaagapay sa kanila ang pagtatanim ng mga halamang pagkain at gulay, at paggiit na ipagpaliban ang pagbabayad ng upa sa lupa sa loob ng dalawang pagkopra.

Habang sadlak sa gutom ang mga magsasaka sa niyugan, patung-patong na ganansya ang kinakabig ng panginoong maylupa at mga komersyante sa yamang kopra na kanilang nilikha. Ayon sa Philippine Coconut Authority, malaki ang ibinagsak ng presyo ng bilihan ng kopra mula ₱54 kada kilo noong Enero 2017 tungong ₱13.39 kada kilo noong Enero 2019. May mga lugar na umabot ito ng ₱12 kada kilo. Noong 2020, nagkakahalaga lamang ng abereyds na ₱18.75 ang bili ng mga komersyante sa bawat kilo ng kopra sa pangunahing mga rehiyon na prodyuser nito. Pinakamababa ito sa Eastern Visayas (₱14). Sa Bicol, bagamat tumaas ang presyo tungong ₱30, bawas pa rin ang napupunta sa magniniyog dahil sa mataas na kaltas sa resikada. Ang binarat na kopra ay pagkakakitaan ng mga komersyante ng aabot sa ₱8.45 kada kilo kapag ibinenta na sa mga planta, na magpapatong naman ng mas mataas pang presyo sa pandaigdigang pamilihan.

Ang mga plantang ito ang pangunahing nagsusuplay sa malalaking dayuhang kumpanya sa pagkain at konsumo. Kabilang dito ang mga nakapaloob sa Coconut Industry Investment Fund-Oil Mills Group na pinondohan noong panahon ng diktadurang Marcos gamit ang buwis na hinuthot mula sa mga magniniyog. Panimulang pinoproseso sa mga plantang ito ang kopra upang lumikha ng langis at iba pang produkto.

Mula Enero-Oktubre 2020, kabuuang 1.4 milyong metriko toneladang kopra ang inieksport ng Pilipinas. Dahil sa pandemya, bumaba ito nang 21% mula sa halos 1.8 milyong metriko tonelada na eksport sa parehong panahon noong 2019. Ang Pilipinas ang numero unong tagaeksport ng kopra (64%) sa buong mundo.

Sa panahon ng *lockdown*, kabilang sa mga kalakal na naging mabenta ay mga pinrosesong pagkain at gamit pangsanitasyon. Mayor na sangkap sa produksyon ng mga ito ay langis mula sa kopra. Ang Nestlé at Cargill (mga monopolyo sa produksyon ng pagkain), at Procter and Gamble (P&G) ay kumukuha ng bulto ng kanilang hilaw na materyales sa Pilipinas at dalawang iba pang bansa sa Asia.


Lumaki ang kita ng Nestlé, Cargill at P&G habang may pandemya. Sa lahat ng monopolyo sa produksyon ng pagkain, pinakamalaki ang kita ng Nestlé noong 2020 na umabot sa $13 bilyon. Katumbas ito ng 2.8% na pagtaas mula 2019. Pinakamalaking nag-ambag sa kita ng korporasyon ang mga benta mula sa Purina (pagkain ng hayop), na gumagamit ng tira-tirang produktong kopra matapos katasin ang langis.

Ang kita naman ng Cargill sa parehong panahon ay $3 bilyon mula sa $2.56 bilyon bago ang pandemya. Ang P&G, na pinakamalaking nagpoprodyus ng mga gamit pangsanitasyon (sabon, *shampoo*, *toothpaste*) ay nagtala ng $12.76 bilyong kita noong 2020 mula sa $3.63 bilyon sa nagdaang taon.

Milyun-milyong dolyar naman ang kinamal na tubo ng mga plantang nagpoprodyus ng langis mula sa niyog na nakabase sa Pilipinas. Ang Peter Paul Philippines Corporation at Primex Coco Products, na kabilang sa pinakamalalaking nagpoproseso at nag-eeksport ng mga produktong niyog, ay nagtala ng kabuuang bentang umaabot sa $13.8 milyon noong 2020. AB

SA MADALING SALITA

# 240 tonelada ng isda



**araw-araw ang ninanakaw** ng mga **barkong Chinese** sa soberanong karagatan ng Pilipinas sa **West Philippine Sea**.

# ₱15,000 AT ₱5,000

alawans at *hazard pay* kada buwan na nararapat

sa mga manggagawang pangkalusugan na hindi pa rin ibinibigay hanggang ngayon.

# ₱152.9 bilyon kada taon



ang inilaan sa **2021 pambansang badyet** para sa **pensyon** ng mga **retiradong sundalo at pulis.**

Ito ang pangatlong **pinakamalaking aytem sa badyet**, kasunod sa pondong ibinibigay sa mga lokal na gubyerno at pondong awtomatikong inilalaan para pambayad sa interes ng utang.


# ₱15,000-₱29,000

## kada *vial* ang presyo ng Remdesivir,

isa sa mga gamot na ibinibigay sa mga nahawa ng Covid-19. Mas mataas ito ng 20-40 beses kumpara sa ₱715-₱910 na presyo nito sa India na may sariling pagmamanupaktura ng gamot.




**petisyong *online*** na sinimulan ng mga manggagawang pangkalusugan noong Abril 15 na nagtala ng **mahigit 60,000 pirma sa loob ng 5 araw.**



# 100 bagong kontrata sa pagmimina

ang nakatakdang igawad matapos ilabas ni Rodrigo Duterte ang **EO 130** na **nagtapos sa moratoryum sa pagbubukas ng mga bagong minahan** para protektahan ang kapaligiran.

# Miguel Díaz-Canel

ang **kasalukuyang presidente ng Cuba**, ang inihalal ng **ika-8 Kongreso** ng **Communist Party of Cuba** noong **Abril 20** bilang pinuno nito, kasunod ni Raul Castro.

# Mayo 1

**MAGSISIMULA ANG PAG-UWI NG MGA TROPANG PANGKOMBAT NG US AT NATO**

mula sa **Afghanistan** matapos ang **20-taong bigong gera** nito sa bansa.

# IMF-World Bank, mangangamkam ng lupa at kontra-kalikasan

Sinabayan ng isang *online* na koordinadong protesta ng mga progresibong organisasyon ang pagbubukas ng Spring Meeting o pulong ng mga lider ng International Monetary Fund-World Bank (IMF-WB) noong Abril 11. Sa pulong na ito nagbalangkas ng mga programa at tinalakay ang isyu ng Covid-19, pautang at *climate change*. Tulad sa nakaraan, pumostura ang IMF-WB na "makakalikasan" at inianunsyo ang plano nitong "patatawarin" ang utang ng mahihirap na bansa kapalit ng pagpapatupad sa mga "green investment" o "makakalikasang" mga proyekto. Sa aktwal, pagpapatuloy lamang ang mga ito ng neoliberal na adyendang isinusulong ng institusyon sa buong mundo. Sa aktwal, ginagamit lamang ng mga ito ang naturang mga proyekto para itulak ang malawakang pangangamkam at pagpapalit-gamit ng mga kagubatan at sakahan sa kapinsalaan ng kalikasan at kabuhayan ng bulnerableng mga komunidad na nakaasa rito.

Gumagamit ang IMF-WB kapwa ng direktang pamumuhunan at pautang sa mga bansa at korporasyon para bigyang daan ang pang-aagaw ng lupa. Ayon sa isang pag-aaral ng International Development Association, direktang pinondohan ng IMF-WB ang umaabot sa 14 na malalaking konsesyon sa pangangamkam sa lupa ng iba't ibang mga kumpanya sa hindi baba sa 900,000 ektaryang lupain sa Africa, Latin America, South at South East Asia mula 2006 hanggang 2016. Dagdag pa rito ang pautang na ibinigay nito sa mga pribadong kumpanya na nangamkam sa hindi bababa sa 700,000 ektaryang lupain sa naturang mga lugar.

Pinakamasahol sa mga ito ang mga konsesyong pinondohan ng International Finance Corporation (IFC), ang ahensya ng WB na direktang namumuhunan sa mga pribadong kumpanya. Kabilang sa mga pinondohan nito ang operasyon sa pagmimina ng *bauxite* ng kumpanyang Compagnie des Bauxites de Guinée (CBG) sa Papua New Guinea. Umaabot sa $200 milyon (₱9.6 bilyon sa palitang $1=₱48) ang ipinautang ng IFC sa kumpanya noong 2016 para sa pagpapalawak ng operasyon nito. Nagresulta ito sa pagpapalayas sa 150,000 Guinean mula sa kanilang lupaing ninuno at pagkalason ng mga ilog na pinagkukunan nila ng inuming tubig. Pinondohan din nito ang katulad na proyekto sa Myanmar na nagresulta sa pagpapalayas ng 16,000 magsasaka at katutubong Karen mula sa 23 komunidad.

Sa mahigit 30 bansa, aktibo ring pinopondohan ng IFC ang iba't ibang konsesyon sa pangangamkam ng lupa sa pamamagitan ng lokal na kasosyo nitong mga bangko at pribadong institusyon sa pagpapautang.

Sa Pilipinas, itinutulak ngayon ng WB ang programang Support to Parcelization of Lands for Individual Titles, isang programa sa paghihiwalay ng mga titulo para mas mabilis itong mabili ng dayuhang mga kumpanya na balak magtayo ng mga "mega farm" o mga plantasyon. Saklaw nito ang halos 1.4 milyong ektaryang lupang agrikultural na binubungkal ng halos isang milyong magsasaka. Noong nakaraang taon, nakatanggap na ang bansa ng pautang mula sa WB na nagkakahalaga ng $370 milyon (₱17.8 bilyon) para rito.




**Kontra-kalikasan**

Pinalalabas ng WB na naglalaan ito ng "climate funds" o pondo na para umano sa pangangalaga ng kalikasan at paglaban sa *climate change*. Gayunpaman, nalantad na halos 70% sa mga programang pinopondohan nito ay mga proyekto para sa pagpoprodyus ng kuryente kagaya ng mga *megadam* at mga planta ng kuryente na pinatatakbo ng karbon sa 12 bansa. Notoryus ang mga proyektong ito sa pagpapalayas ng buu-buong mga komunidad at pagdudulot ng matinding pinsala sa kalikasan.

Ayon sa datos ng WB noong 2015, ang Pilipinas ang nangunguna sa mga bansang nakakuha ng pinakamalaking pamumuhunan ($4.9 bilyon o ₱235.2 bilyon) para sa mga proyektong ito, kasunod ang South Africa, Chile at Malaysia. Sa buong mundo, pinakamalaki ang ibinuhos nitong pondo ($1.2 bilyon o ₱57.6 bilyon) para sa San Buenaventura Power Plant sa Mauban, Quezon. Umaabot naman sa $937 milyon (₱45 bilyon) ang ibinuhos nito para sa Therma Visayas Power Plant sa Toledo City, Cebu. Kapwa pinatatakbo ng karbon ang mga plantang ito.

Nitong Marso, naglabas ng bagong mga patakaran ang WB para umano labanan ang *climate change*. Gayunpaman, marami ang bumatikos dito dahil hindi isinama sa mga komitment nito ang pagtigil sa pagpondo sa mga proyektong gumagamit ng *fossil fuel* at *coal*. AB

# Pagtining ng mga *hate crime* laban sa mga Asian-American sa US

Tumitindi ang tinatawag na mga *hate crime* laban sa mga Asian-American sa United States (US). Ang *hate crime* ay tumutukoy sa krimen na may nakabatay sa o pagkamuhi sa partikular na kulay, lahi, relihiyon, pambansa o etnikong pinagmulan, edad, at kasarian. Kabilang dito ang kaso ng isang 65-taong gulang na Pilipina na pinagtatadyakan sa ulo sa New York. Sa parehong araw, isang lalaking Asian-American ang natagpuang walang malay sa *subway* (sistema ng tren) sa parehong syudad. Ayon sa pulis ng New York, tumaas mula dalawa noong 2019 tungong 28 ang naiulat na mga *hate crime* sa syudad noong 2020. Sa unang mga buwan pa lamang ng 2021, umabot na ito sa 30.




Sa buong US, may naitala nang 3,800 *hate incident* ang Stop AAPI Hate, isang *non-governmental organization*, laban sa mga Asian-American noong 2020. Isa sa pinakatampok ang pamamaril noong Marso 17 sa Atlanta sa tatlong negosyong pagmamay-ari ng mga Asian-American noong Marso 17. Sa walong napatay sa pamamaril, anim ay kababaihang Asian-American.

Malayong mas mataas ang totoong bilang ng mga *hate incident* dahil kalakhan ng mga ito, tulad ng mga panduduro, pagmumurang rasista at diskriminasyon, ay hindi na iniuulat ng mga Asian-American. Marami rin ang hindi itinuturing na *hate crime* ng mga pulis at arbitraryong ikinakategorisa bilang mga ordinaryong krimen lamang.

Sinisisi ng marami ang rasistang mga pahayag ng dating presidente ng bansa na si Donald Trump sa pagtaas ng *hate crime* laban sa mga Asian-American. Noong unang kumalat ang pandemya, tinawag ni Trump ang Covid-19 na "China virus," "Wuhan virus" at kahit "Kung flu." Pinaypayan nito ang dati nang *xenophobia* (di rasyunal na takot sa mga estranghero) ng ilang seksyon ng mga Amerikano laban sa mga Asian-American.

Nakaugat ang *xenophobia* sa mga Asian-American sa deka-dekada nang diskriminasyon ng sistemang pangkalusugan laban sa mga Asian, sa partikular sa mga Chinese. Sa pagitan ng 1910-1940, tahasang ipinagbawal ng US ang pagpasok ng mga manggagawang Chinese sa bansa gamit ang dahilang nagdadala sila ng mga sakit. Dagdag dito ang pagtingin na "inaagaw" ng mga dayuhang manggagawa ang mga trabaho sa bansa. Sa sumunod na mga taon, lalo itong pinasama ng pagtingin na ang mga Asian-American ay "masisipag, masunurin at matatalino o magaling sa matematiks" at sa gayon ay seryosong makakukumpitensya sa paghahanap ng limitadong trabaho.

Sa ngayon, tinatayang nasa 20 milyon ang Asian-American sa US. Pinakamarami sa kanila ang may lahing Chinese, kasunod ang mga may lahing Pilipino at Indian. Ang iba pang malalaking grupo ay mga Vietnamese, Korean at Japanese. AB

---

# "Huwag umasa sa US sa depensa ng Pilipinas"—PKP

Hindi dapat itali ng Pilipins sa US ang pagdepensa nito sa West Philippine Sea laban sa pangangamkam ng China. Ito ang pahayag ng Partido sa pagsisimula ng 10-araw na Balikatan 2021 nitong Abril 13.

Ang Balikatan, taunang pagsasanay sa pagitan ng hukbo ng US at Pilipinas, ay ginaganap ngayon sa iba't ibang bahagi ng Luzon. Mas maliit ang bilang ng kalahok dito ngayong taon (736 sundalong Pilipino at 225 Amerikano) kumpara sa mga nakaraan.

Sa pamamagitan ng Balikatan, pinalalabas na US ang tanging masusulingan ng Pilipinas laban sa pang-aagaw ng China sa karagatan ng bansa sa pamamagitan ng mga barkong milisya, Coast Guard at malalaking barkong pangisda.

Isa sa mga susi ang Balikatan para sanayin ng US ang AFP para magbigay ng suporta sa mga pwersa nito sa mga operasyon nito sa ibayong-dagat, laluna sa Asia-Pacific. Tulad sa nakaraan, ipapakita at pagtitibayin ng Balikatan 2021 ang kontrol ng US sa doktrina at mga operasyon ng AFP. Paiigtingin nito ang pagpapatupad ng mga operasyong kontra-insurhensya na ang biktima ay mga sibilyang Pilipino.

"Mas kasuklam-suklam ang Balikatan ngayong taon sa harap ng papabagsik na gerang panunupil na inilulunsad ng AFP sa kanayunan," ayon sa Partido Komunista ng Pilipinas. Kabaliktaran, dahil sa napakatagal na pagsalalay ng Pilipinas sa militar ng US, nanatiling walang kakayahan ang AFP na nagsasariling depensahan ang sariling mga teritoryo. AB